State of California-Health and Human Services Agency

# Department of Health Care Services

TOBY DOUGLAS
*Director*

EDMUND G. BROWN JR.
*Governor*

Mahal na Magulang o Tagapag-alaga:

Sa Sacramento County, ang karamihan sa mga dental na pasyente ng Medi-Cal na mas bata sa edad na 21 ay kailangang tumanggap ng mga serbisyong dental sa pamamagitan ng plano sa pinamamahalaang dental na pag-aalaga.

Para masiguro sa mga dental na pasyente, ang mga mas bata sa edad na 21 ay maaaring makipagkita sa isang dentista sa isang *nasa oras na pamamaraan*. Ang mga miyembro ng plano sa pinamamahalaang dental na pag-aalaga ng Medi-Cal ay maaaring hilingin na ilagay sa regular na dental ng programa ng Medi-Cal na bayad sa serbisyo (fee for service), na kilala rin bilang Denti-Cal. Ang bagong prosesong ito ay tinatawag na *Beneficiary Dental Exception (BDE)*. Ang form ng kahilingan at mga tagubilin ay nakalakip.

**Kuwalipikado ba ako para sa BDE?**
Kung nakakaranas ka ng alinman sa mga sumusunod na situwasyon, maaaring kuwalipikado ka para malagay sa Denti-Cal para sa iyong mga serbisyong dental kung hindi ka makakuha ng:

- isang "emergency" (pananakit, pamamaga, at/o pagdurugo) na appointment sa loob ng 24 oras,
- isang "agarang" appointment sa loob ng 72 oras,
- isang "rutinang" (hindi emergency) appointment sa loob ng apat (4) na linggo,
- isang appointment sa "espesyalista" sa loob ng 30 araw mula nang awtorisadong kahilingan.

**Ano ang kailangan kong gawin?**

1. Kung nahihirapan kang magtakda ng appointment, tulad nang nakatala sa itaas, mangyari lamang sulatan ang form ng BDE at ihulog sa koreo, i-fax, o ipadala sa email sa address na nakalista sa form, o tumwag sa Walang Bayad na linya ng Dental Managed Care sa 1 (855) 347-3310.
2. Kung ipadala mo ang form ng BDE sa pamamagitan ng koreo, fax, o email, may tatawag sa iyo mula sa programang Dental ng Medi-Cal tungkol sa mga pangangailangan ng iyong anak. Makikipag-ugnayan din sila sa iyong planong dental at susubukan na magtakda ng isang appointment kaagad.
3. Makalipas ang limang (5) araw ng negosyo, kung ang iyong planong dental ay hindi makakapag-schedule ng appointment para sa iyo batay sa mga pangangailangang dental ng iyong anak, aaprubahan ng Medi-Cal ang iyong kahilingan na malipat sa Denti-Cal, magpapadala sa iyo ng liham ng kumpirmasyon, at tatawag sa iyo tungkol sa pagbabago.
4. Makalipas kang malagay sa Denti-Cal, maaari kang makahanap ng dentista sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-322-6384. Ibibigay sa iyo ng Denti-Cal ang mga pangalan, numero ng telepono, at mga address ng tatlong (3) mga dentista sa iyong area.
5. Kakailanganin mong tawagan ang dentista para magpatakda ng appointment.

Kung mayroon kayong kahit na anong katanungan o ikinababahala, mangyari lamang tumawag sa Walang bayad na linya ng Dental Managed Care a 1-855-347-3310. Sabihin na tumatawag ka tungkol sa proseso ng Sacramento Beneficiary Dental Exception.

Maaari ka rin magpadala ng email sa: dentalmanagedcare@dhcs.ca.gov
Dapat isulat sa subject na: Dental Managed Care BDE.